

THE JVAN LVNA CODE: Pagtuturo ng Kasaysayan Gamit ang “Parisian Life”¹

Michael Charleston B. Chua²

Pamantasang De La Salle Maynila
Pangalawang Pangulo, Philippine Historical Association

Ang bawat museo ay may isang tampok na likhang-sining na maituturing na pinakamahalagang *obra maestra* ng kanilang koleksyon: Kung *Spoliarium* ni Juan Luna ang sa Pambansang Museo, at *Virgenes Cristianas Expuestas Al Populacho* ni Felix Resurreccion Hidalgo ang sa *Metropolitan Museum of Manila*, ang *Parisian Life* naman ang sa *GSIS Museo ng Sining*. Bagama’t mas maliit at hindi ganoong kapopular ang isa pang likhang sining na ito ni Luna noong 1892, hindi ito pahuhuli sa kontrobersiya nang bilhin ito ng Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (GSIS) sa Christie’s sa Hongkong noong 2002 sa halagang Php 46 Milyon. Maraming kumuwestiyon sa paggamit ng GSIS ng pera ng bayan sa pagbili nito bagama’t bilang isang *investment* na hindi nababawasan ang halaga, nananatili itong *asset* sa pondo ng GSIS.

Kung pagbabatayan ang iba nitong pangalan na *Intérieur d'un Café*, ipinapakita ng pinturang ito ang isang babaeng nakaupo sa isang kapihang Pranses at pinagmamasdan ng tatlong lalakeng nag-uusap.

Pangunahin nang ibinatay sa mga datos at puntos na ibinibigay ng ekspertong si Dr. Eric Zerrudo sa kanyang tatlong-oras na lektura ukol sa tatlong interpretasyon ng *Parisian Life*, at sa sarili kong karanasan bilang historyador, guro sa Kasaysayan, at *docent/tour guide/historian-on-board*, sisikapin ng aking presentasyon na ipakita ang gamit ng *obra maestrang* upang paigtingin ang interes ng mga bata sa Kasaysayan, liban pa sa mga asignaturang *MAPE at Art History*.

Sa pamamagitan ng *Parisian Life*, maaaring ipakilala sina Juan Luna, José Rizal, Andres Bonifacio, Gregoria de Jesus, Juan Nakpil, ang Kilusang Propaganda, ang Katipunan at ang Himagsikang Pilipino, maging ang mga hindi kilalang bayani na katulad ni Dr. Ariston Bautista-Lin. Lalakbayin ang Pilipinas, Espanya, Pransya at Hongkong, at ipakilala ang konsepto ng sining bilang salamin ng mga tunay na pangyayari at ang kahalagahan ng *Heritage*. Lahat ng ito sa isang peregrinasyon upang mahayag ang isang misteryo: Sino ang babae sa likhang-sining?

Sa huli, maaaring itanong, hindi kung ano ang halaga ng *obra maestra* sa bayan, kundi ano ba ang halaga natin bilang isang bayan sa harap ng obrang ito upang maging nararapat sa pamanang kahusayan at kabayanihan ng ating mga ninuno. Bilang mga guro ng Kasaysayan, magagamit natin ang likhang ito sa napakahalagang misyon upang udyukin ang mga bata na mahalín ang bayan at mga pamana nito tungo sa kaginhawaan ng lahat tulad ng binanggit ni Andres Bonifacio, “Ampunin ang bayan kung nasa ay lunas pagka’t ginhawa niya ay para sa lahat.”

¹ Para sa Ika-apat na *Arts Congress* ng Pamantasang De La Salle Maynila na may temang “*Culture and Arts in Nation Building*” noong hapon ng 16 Pebrero 2011 sa Silid 507, Bulwagang Don Enrique T. Yuchengco, Pamantasang De La Salle, Lungsod ng Maynila. Unang binasa sa Pambansang Kumperensya ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas (Philippine Historical Association) na may temang “Sining sa Pagtuturo ng Kasaysayan” noong hapon ng 17 Setyembre 2010 sa Museo ng Sining ng Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (GSIS), Lungsod ng Pasay, Kalakhang Maynila.

² Maaaring maabot sa xiaoking_beatles@yahoo.com at sa *facebook*. Ang kanyang bahay-dagitab (websayt) ay matatagpuan sa <http://michaelxiaochua.multiply.com>, habang ang bahay-dagitab ng kanyang mga babasahin sa kasaysayan ay sa <http://balanghay.multiply.com>. Mapapanood din siya bilang panelista sa *The Bottomline With Boy Abunda* tuwing Sabado ng gabi sa ABS-CBN.

“Pagsikapang magkaroon ng anumang karunungan na tumutugon sa kanyang hilig upang pakinabangan ng bayan.”

-Gregoria de Jesus

Si Kevin ay isang guro sa Araling Panlipunan sa hayskul. Ngunit tila nahihirapan siyang gawing interesante ang kanyang asignatura para sa kanyang mga estudyante. Tanong niya sa sarili, “Ano ba maaari kong gawin? Ano kaya ang susi upang mabuksan ko ang interes ng mga bata sa kahalagahan ng sining at kasaysayan?”

Kaya nagtungo siya sa kumperensya ng Philippine Historical Association sa GSIS Museo ng Sining noong Setyembre 2010 at doon niya nakilala ang isang kapwa guro sa kasaysayan na nagpakita sa kanya na maaaring gawing susi sa interes ng mga bata ang isang obra maestra ni Juan Luna!

Ano nga ba ang JVAN LVNA CODE?

Ang papel na ito ay isang paglalakbay sa mga interpretasyon at mga salaysay sa likod ng kontrobersyal na pinturang “Parisian Life” ni Juan Luna, na nagkakahalaga ng Php 46 Milyon, at ang pakinabang nito sa pagpukaw ng interes ng madla sa kasaysayan at pagtuturo ng tatlong aral—(1) na magaling ang Pilipino, (2) na kabayanihan ang paggamit at pagpapaunlad ng iyong talento, (3) pangangalaga sa pamanang kultural—materyal o di-materyal—ng bansa.



Ang pangunahing batis ng mga popular na interpretasyon at marami sa mga datos ukol sa “Parisian Life” ay nagmula sa mga tatlong oras na lektura ni Dr. Eric Babar Zerrudo, kasalukuyang Direktor ng Metropolitan Museum of Manila, dating Direktor ng GSIS Museo ng Sining, at Director for Administration ng UST Center for the Conservation of Cultural Property and the Environment in the Tropics. Utang sa kanya ang lahat ng ito.³ Ang akin lamang papel ay kung paano gamitin ang kanyang lektura sa pagtuturo ng mahahalagang mga pangyayari at tao sa ating kasaysayan at paglilinaw na rin ng ibang kontrobersiya sa ating nakaraan.

I. ANO ANG “PARISIAN LIFE”?



“Parisian Life,” kuha ni Michael Charleston B. Chua

Ang “Parisian Life” ay isang *obra maestra* ni Juan Luna na nagpapakita ng isang babaeng Pranses habang pinag-uusapan ng tatlong lalaki sa loob ng isang kapihan sa Paris. Kilala rin ito sa tawag na “*Intérieur d'un Café*,” “*The Maid*,” at “*Un Coquette*” (Ang malandi). Ito ay may sukat na 22 x 31 in. (57 x 79 cm.), oleo sa kanbas.

Ito ay ipininta niya sa Paris at may petsang 1892 na pirmado ng “LVNA Paris 1892.” Sa taon ding ito natapos ang kinikilalang pinakamagandang likha ni Luna, ang mural na *Peuple et Rois* (*People and Kings*), na sa kasamaang palad ay nasunog sa opisina ng kanyang anak noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig). Ayon sa katalogo ng Christie’s:

Parisian Life offers the best features of the artist's work from the Paris period.

³ Apat na lekturang “Parisian Life” na ni Dr. Zerrudo ang aking napuntahan bagama’t una kong narinig ang kanyang mga kwento mula sa kanyang *utility man* na si G. Rodel Alibay, na nagbahagi ng ilang beses sa aking mga estudyante sa Kasaysayan 1 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman ng mga kwento na natutunan niya mula kay Dr. Zerrudo.


testifying to his sensitivity and skill in capturing a fleeting moment of ordinary life, and imbuing it with personality and universal emotions (Christie's 2002).

Ang may-ari ng obra ay si Dr. Ariston Bautista Lin / Lim, isang propagandista. Ito ay nagwagi ng Medalyang Pilak sa Philippine Exhibit ng St Louis Exposition noong 1904. Sa parehong eksibisyon dinala ng mga Amerikano ang mga katutubong Pilipino upang ipamalas, tulad ng mga hayop sa zoo, ang kanilang mga pamumuhay. Ang Philippine Exhibition ang naging pinakapopular na atraksyon ng eksposisyon. Ang sertipiko na dating nakalagay sa likuran ng pintura ang nagpapatunay na ang tunay na pangalan ng obra ay "Parisian Life."

Namalagi ang obra ng maraming taon sa Bahay Nakpil-Bautista sa Quiapo.

II. BAHAY NAKPIL-BAUTISTA: DUYAN NG "PARISIAN LIFE," DUYAN NG MGA MAGITING

Noong 1913-1914, itinayo ang malaking bahay ni Dr. Ariston Bautista sa 432 Barbosa (ngayo'y A. Bautista) sa Quiapo, Maynila. Ang mag-asawang Bautista ay walang mga anak at kasama nila sa malaking bahay ang mga kaanak na Nakpil. Dahil dito, ang bahay na ito ay nagkaroon ng distinksyon bilang tahanan ng mga naging propagandista at rebolusyunaryo.



Bahay Nakpil-Bautista sa Quiapo, Dekada 1930

A. Julio Nakpil

Isa sa mga tumira sa bahay ang bayaning si Julio Nakpil ang isa sa mga pinagkakatiwalaang tauhan at matalik na kaibigan ng Ama ng Katipunan at ng Sambayanang Pilipino na si Andres Bonifacio. Liban pa sa pagiging rebolusyunaryo, kompositor pa si Julio. Siya ang

kumatha ng pambansang awit ng Katipunan na inialay sa kaarawan ni Bonifacio noong Nobyembre 1896 sa Balara, habang nakikibaka sa mga Espanyol. Ang pamagat ng martsa ay "Marangal na Dalit ng Katagalugan":

Mabuhay yaong Kalayaan
At Pasulungin ang puri't kabanalan
Kastila'y mailing ng Katagalugan
At ngayo'y ipagbunyi ang kahusayan
(Ocampo 1990, 40)

Sinasabing kung si Bonifacio ay nagwagi sa tanggalian ng kapangyarihan sa Cavite, malamang ito ang pambansang awit natin ngayon. Sa mga titik ng awiting ito ipinakita ni Nakpil na ang Katipunan ay hindi lamang lihim na samahang rebolusyunaryo na sugod ng sugod, ngunit nag-aadshika na ang tunay na kalayaan ay nagsisimula sa pagsusulong ng puri at kabanalan (na nasasalamain sa Kartilya ng Katipunan ni Emilio Jacinto) at maging ng edukasyon na nagdudulot ng kahusayan.



B. Gregoria de Jesus

Matapos na masawi ang Supremo Andres Bonifacio noong 1897, ang kanyang 22 na taong gulang na kabiyak na si Gregoria de Jesus o "Oriang", na nauna nang pinagtangkaan na pagsamantalahan ng pinuno ng mga kawal na humuli sa kanyang asawa, si Kol. Agapito Bonzon, ay inaruga at pinakasalan ng matalik na kaibigan ni Bonifacio na si Julio Nakpil noong 1898 (Ocampo 1999, 154-155). Ang "Lakambini ng Katipunan" ay di naglaon tumira sa Bahay-Nakpil hanggang sa ito ay sumakabilang buhay noong 1943. Tinapos niya ang kanyang maikling talambuhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanyang sampung habiling aral sa mga kabataan:

1. Igalang at mahalín ang magulang pagka't ito ang pangalawang Dios sa lupa.
2. Alalahanin tuwina ang mga banal na aral ng mga bayani na nasawi dahil sa pag-ibig sa bayan.

3. Huwag mag-aksaya ng panahon ng di pamarisan.
4. Pagsikapang magkaroon ng anumang karunungan na tumutugon sa kanyang hilig upang pakinabangan ng bayan.
5. Ang kabaitan ay alalahaning isang malaking kayamanan.
6. Igalang ang mga gurong nagpapamulat ng isip pagka't kung utang sa magulang ang pagiging tao ay utang naman sa nagturo ang pagpapakatao.
7. Iligtas ang api sa panganib.
8. Matakot sa kasaysayan pagka't walang lihim na di nahahayag.
9. Kapag napagingatan ang kasamaan ay doon manggagaling ang malaking karangalan.
10. Sikapin ang ikapagkakaisa ng lahat at ika uunlad ng bayan upang huwag magkaroon ng sagabal ang kasarinlan (de Jesus 1932).



C. Juan Nakpil

Sa pagkamakabayan, nagmana sa kanyang mga magulang na sina Julio at Oriang ang Pambansang Alagad ng Sining sa Arkitektura na si Julio F. Nakpil (isa sa walong magkakapatid) na tumira rin sa bahay na ito. Matapos na mag-aral sa Pransya, sumama siya sa isa pang arkitekto, ang anak ni Juan Luna, Andres Luna de San Pedro at itinayo nila ang Crystal Arcade sa Escolta. Siya rin ang arkitekto ng muling pagtatayo ng Simbahan ng Quiapo matapos ang sunog ng 1929, at ng bahay ng mga Rizal sa Calamba noong 1950. Siya rin ang nagdisenyo ng Quezon Hall at Gonzales Hall (Main Library) ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, sa inspirasyon ng katutubong bahay kubo (Mendoza 1973, 271-277).

D. Nuestro Padre Jesus Nazareno

Ayon kay Dr. Zerrudo, nang magkaroon ng labanan upang bawiin ang Maynila mula sa mga Hapones noong 3 Pebrero hanggang 3 Marso 1945, iningatan ang orihinal na imahe ng Mahal Poong Nazareno sa Bahay Nakpil-Bautista. Kaya sa tuwing pista ng Nazareno (9 Enero), tumitigil ng ilang sandali ang poon sa harapan ng bahay.

Ipinapakita ng debosyon sa Poong Nazareno ang pag-angkin ng katutubo sa debosyong Kanluranin at pagkonekta nito sa konsepto ng “gahum” (power) at anting-anting. Ang pagbababa sa krus at paghuhugas sa patay na Nazareno (Santo Entierro) at pagpapamahagi ng panyo pinagpunasan bilang may bisa ay tila katulad ng ginagawa sa *mummification* sa Hilagang Pilipinas kung saan pinapainitan ang patay upang ang mga huling katas nito ay ipunin at mainom upang mailipat ang kapangyarihan ng namatay sa uminom ng katas nito.

Ang Bahay Nakpil-Bautista ngayon, na tinatawag ring “Tahanan ng Kultura,” ay isa nang museo ng mga Nakpil at ng Katipunan.

Dahil walang anak sina Ariston Bautista, napunta sa mga kaanak ni Ramon Nakpil na kanyang bayaw ang “Parisian Life.” Pagdating ng panahon, ito ay mapapasakamay sa arkitektong si Angel Nakpil, na muling nagtatag ng Museo ng San Agustin. Naging pangalawang kabiyak si Angel ng manunulat na si Carmen Guerrero Nakpil, na naunang naging kabiyak ni Ismael Cruz na pamangkin naman ng pambansang bayaning si Gat. Dr. José Rizal. Naging anak niya kay Ismael Cruz si Gemma Cruz-Araneta na naging pinakaunang Pilipinang Miss International at naging Kalihim ng Turismo sa panahon ng Pang. Joseph Estrada.

Ang naging paglalakbay ng “Parisian Life” ay ibinahagi ni Gng. Carmen Guerrero Nakpil sa kanyang talambuhay:

On the elongated corner lot of Ortega and Mabini, which I inherited from my parents, Nakpil had designed and built a capacious "ranch house", as they called it then, flat on the lawn, with a row of windows along the garden, an elevated, split-level wing for bedrooms, and an inner patio, enclosed by a brick wall, with an entertainment pavilion and a swimming pool. He had also brought several Luna, Resurreccion Hidalgo, and Fabian de la Rosa paintings, some antiques and valuable accessories from the Nakpil house in Quiapo which had been deeded to him by, his parents and his uncle Dr. Ariston Bautista. The result was tasteful and artistic.

...It (*Parisian Life*) had reposed on the main wall of the dining area of our San Juan house for about two decades, and another decade on the wall above the bed in the master bedroom (when Nakpil decided it needed more controlled temperature).

A few years after Nakpil's death, I decided to move from my San Juan house to a condo in Makati, and, because none of the homes of my children could accommodate such a large, precious, and by then fragile treasure, Ramon, Lisa, and Luis put it up for auction with Christie's, the international art house. The Manila representative of Christie's competitor, Sotheby, which had originally failed to acquire the painting for their own auction, was Mrs. Kim Camacho, wife of the then Secretary of Finance. The Manila customs house, which is under the Department of Finance, loyally found an irregularity in the shipping invoice. *The Inquirer*, sensing a big story, latched on to some malcontent Nakpil relatives. A front-page sensational coverage, involving art, nationalism and a family feud sold many *Inquirer* copies for weeks. Although the news reports made mention of me in the supposedly "nefarious" deal, I kept my peace and refused to be baited. The sale proceeded. My children paid millions in taxes to both the National Museum and the Bureau of Customs; Christie's declared they were satisfied with the proofs of ownership and the auction took place.... The malcontents got their pictures in the papers, a national agency acquired a national treasure for its well-guarded exhibition hall, and millions of Filipinos (instead of just one family) got the pleasure and the joy of viewing one of the Luna's most beautiful and intriguing works. Now and then, I miss that baffled, overdressed cocotte and the three ilustrados in the *Parisian cafe*, with whom I lived many fascinated years but bear no ill will to that side of my husband's family. The fact that Julio Nakpil, his wife, children and grandchildren had occupied the ground floor of that Barbosa house did not qualify his descendants to question the ownership of the Luna painting deeded to Angel Nakpil. But if they had not invented that controversy, the

painting would not have been sold for such a record-breaking amount. As Mommy used to say back there in good old Ermita, "No hay mal que por bien no venga." It's an ill wind indeed that blows no one any good (Nakpil 2007, 136-138).

III. KONTROBERSYAL



"We are not buying a masterpiece, we are buying a piece of Philippine history," said a triumphant Garcia. "We are bringing home the Juan Luna painting."

Noong magsalita ako ukol sa obra noong kumperensya ng PHA noong Setyembre 2010, unang sumagi sa isip ko ang isang tanong, "Mahirap ba tayong bansa kaya hindi mahalaga sa atin ang kasaysayan at sariling kultura, o mahirap tayong bansa DAHIL hindi tayo natututo sa nakaraan at hindi natin pinapahalagahan ang ating sariling kultura?"

Sa *auction* sa Christie's sa Hongkong, nabili ng Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (GSIS) sa halagang Php 46 Milyon kasama na ang *shipping, handling* at mga buwis nito (Ang aktwal na presyo nito ay HK\$ 6,674,100 o US\$ 859,924).

Mula sa JW Marriott Hotel, nang magwagi sa *bidding* matapos ang tensyon na nilikha ng isang hindi kilalang *bidder* na nagpataas sa presyo ng obra higit pa sa inaasahang presyo nito (HK\$ 1,800,000-HK\$ 2,000,000 o US\$231,921 - \$257,690 lamang), naglabas ng pahayag ang Pangulo ng GSIS na si G. Winston Garcia, "We are not buying a masterpiece... We are buying a piece of history... We do not put a price tag on a national heritage." Dagdag pa niya, "*Parisian Life* is not owned

solely by the GSIS. It belongs to the Filipino people." (GSIS 2002)

Pinuri ng marami ang GSIS sa pag-uwi nila ng pintura ni Juan Luna at hindi hinayaang mapunta sa mga dayuhan ang obra.

Ngunit 46 Milyon? Ang GSIS ay "walang budhi" ayon sa mga kritiko. Bakit kailangang bilhin ang pintura sa panahon na lubhang naghihirap ang mga tao? Nakakain ba ang Juan Luna? Hanggang ngayon, sa hindi mamatay-matay ang kuwestiyon sa pagbili ng obra maestra habang hindi naibibigay diumano ng tama ang mga pensyon ng mga miyembro ng GSIS. Nang ilibot ni Dr. Zerrudo sa buong bansa ang "Parisian Life" upang makita nang mas marami nating mga kababayan, palagian silang pinagagalitan ng mga empleyado ng gobyerno sa kanilang "paglustay" sa pera ng bayan." Minsan nang may isang guro na nagtangkang hatawin ang obra ng kanyang payong sa galit (Flores w.p., 5-6).

Ngunit ano ba ang ginagawa ng ahensya na nag-aabot ng pensyon sa mga kawani ng pamahalaan sa pagbili ng obra? Paliwanag ng GSIS na ang sining ay isang *investment* na hindi nababawasan ang halaga, bagkus nadaragdagan lamang sa paglipas ng panahon. Ito ang dahilan kung bakit mayroong Museo ng Sining ang GSIS. Samakatuwid, bahagi pa rin ng *assets* at pondo ng GSIS ang mga ito. Lagi rin nilang ipinapaliwanag na kung ang halagang Php 46 Milyon ay hahatiin sa dami ng miyembro ng GSIS na 1,300,000 ay aabutin lamang ng tinatayang Php 36.00 sa bawat miyembro ang halaga ng obra.

Ang GSIS Museo ng Sining ay nagtataglay ng sinasabing pinakamalaking koleksyon ng modernong sining Pilipino mula sa kalibre ng mga katulad nina Fernando Amorsolo, Carlos V. Francisco, Vicente Manansala, Hernando R. Ocampo at Federico Alcuaz. Ayon kay G. Garcia:

We wanted a Luna for our museum. That's why we did not only come here to bid, but to win. This Luna is a national treasure. We were no longer bidding with just money, we were bidding with our hearts. Now we have shown that we do not only insure the future of our retirees or properties but also insure the national heritage of our people.

...When Luna's masterpiece, Parisian Life, arrives in the GSIS museum, we would encourage everybody to go to the GSIS to view it for free. As a national heritage, it will definitely leave an invaluable mark in the minds of our fellow Filipinos (GSIS 2002).

Ayon sa resident auditor ng GSIS, sinusuportahan nito ang tindig ng pangulo nito na nagsasabing "*safe asset*" ang pintura sapagkat "*art is inflation proof*."

Subalit hindi naman sumang-ayon ang General Counsel ng Commission on Audit ng Pilipinas na nagsasabing ang pagbili sa "Parisian Life" ay "*legally and morally objectionable*" sapagkat ang aktwal na pagbili sa obra ay makasasama sa mga pensyon ng mga manggagawa sa pamahalaan dahil maaaring makaapekto ito sa pangmatagalang "*actuarial solvency of the funds of GSIS*." Ayon pa sa komisyon, "*although the GSIS may be commended for its role of trying to preserve and promote national and cultural heritage by buying art works, the same must yield to its higher social responsibility.*" (Flores w.p., 10)

Sinang-ayunan naman ito ng Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura na si Bienvenido Lumbera. Ayon sa kanya:

Consciousness of our identity as a people does not have to be purchased at a cost that would deprive the majority of Filipinos social services government is obligated to provide. Parisian Life, there is no doubt about it, is an affirmation from the past that the Filipino people once produced a great painter who made the Spanish colonial masters recognize genius in an indio artist in the late years of their rule. However, there are other forms of cultural heritage equally expressive of national identity and probably more rationally affordable. The NCCA grant of P50 million for the establishment of a National Gallery of Art invites comparison with the acquisition of Parisian Life for P45.4 million. Between a painting that will be available for viewing to a handful of museum-goers and an infrastructure that will serve generations of visitors to a gallery exhibiting the art heritage of the Filipino people, it ought to be clear which deserves to be prioritized. The task of saving cultural heritage is an expensive undertaking, and managing well the meager funds for the task requires that social impact be made a deciding criterion in expenditures intended to assert our dignity and worth as a people (Lumbera 2003).

Ngunit ayon naman kay Dr. Santiago Albano Pilar, biograper ni Luna at dating direktor ng GSIS Museo ng Sining:

The GSIS has spent money wisely in its acquisition of Parisian Life. The GSIS is an institution with vast investments. ...Parisian Life is now a concrete property and investment of the Filipino people to benefit them spritually and materially forever, unlike the vast amounts of money, that go to ill-advised government projects or, simply, to corruption (Pilar 2003,20).

Sa aking opinyon, anuman ang ang suliranin sa GSIS, iba itong usapin, at dahil *asset* ang obra, hindi dapat isisi ang mga ito sa “Parisian Life.”

Dahil sa kontrobersiya, pinag-usapan muli ang kahalagahan ng sining at kasaysayan. Naging *icon* ang babae sa pintura—nasa mga manekin sa museo (ispesipiko sa Bagumbayan Light and Sound Museum sa Intramuros), nasa kulturang popular, nasa mga selyo, at iba pa.



Ang obra ay nakalagak ngayon sa isang ispesyal na silid para lamang sa “Parisian Life” na tinawag na “History and Destiny Exhibit” o mas kilala bilang Luna Room. Hindi matutumbasan ng salapi ang libo-libong estudyante na pumipila upang masilayan ito buwan-buwan ng libre. Maraming estudyante ang muling naging interesado sa kasaysayan sa tuwing pag-uusapan ang mga interpretasyon sa obra.

Kamakailan lamang, noong 16 Mayo 2011, ang bagong pangulo at general manager ng GSIS na si Robert Vergara ay nagpahayag sa programang pantelebisyon ni Karen Davila na *Headstart* na muling ibebenta ang obra maestra. Muling nabuksan ang debate ukol sa halaga ng “Parisian Life.”

Dahil dito, marapat lamang na balikan ang diskusyon ni Dr. Zerrudo sa tatlong popular na interpretasyon ng “Parisian Life.

IV. ANG TATLONG POPULAR NA INTERPRETASYON

Ang sining ay salamin ng panahong nakaraan na pinagmulan ng mga obrang ito. Samakatuwid, anumang

interpretasyon upang maging may may saysay ay dapat nakabatay sa datos. Ngunit ayon nga kay Benedetto Croce, “*All history is contemporary history*” (Croce 1937, 8). Ibig sabihin, lahat ng mga salaysay tungkol sa nakaraan, gaano man kalaki ang distansya ng mga pangyayari mula dito, ay apektado ng mga pananaw sa panahon ng historyador. Samakatuwid, ang kasalukuyan ang humahanap ng saysay.

Kaya naman mahalaga ang mga kapanahon natin na interpretasyon ng “Parisian Life.” Bawat tao ay magkakaroon ng ibang pakahulugan sa obra subalit mayroon tatlong maaaring paghanguan ng saysay ng obra ayon kay Dr. Zerrudo. Maaaring ang ating mga interpretasyon ay hindi ang pakahulugan ni Luna sa kanyang obra, ngunit tulad ng sinabi ni Roland Barthes na “*death of the author*,” nawawala na ang pakahulugan ng awtor sa tuwing inilalabas na niya ang kanyang gawa.

A. Unang Interpretasyon: INTERPRETASYONG LITERAL: (Kwentong Barbero)

Ibinahagi ng awtor at kritikong pansining na si G. José Maria Cariño sa kumperensya ng PHA ang kanyang pananaliksik na nagsasabing regalo ni Ariston Bautista sa kanyang tiyuhin ang pintura. Kung gayon, maaaring sabihin na iniinggit niya ang kanyang tiyuhin ukol sa ganda ng mga dilag at buhay sa Paris.

Ngunit ano o sino nga ba ang babaeng ito? Ang isang pamagat ng obra ay maaaring magbigay sa atin ng *clue*. Sa unang tingin, ang babae ay tila inaakit (*coquette*) ang tatlong lalaking nasa bandang likuran ng obra. Ayon kay Dr. Pilar, may ipinapahiwatig ang babae:

In typically confident masterstrokes, Luna captured the woman’s restlessness. The pink paints piled diagonally to render her skirt show her legs to be splayed from the knees. Her left arm hangs loosely in arrested movement. The froth of white paints Luna splattered on her breast and her thickly made up face may confirm historian Ambeth Ocampo’s hunch of her as a cheap girl. Or was she a celebrity—the star or vedette of a show at the Moulin Rouge whom the three expatriates had by a stroke of luck witnessed entering the café that memorable day? (Pilar 2003, 19)

Ayon kay Dr. Zerrudo, sa interpretasyong literal, nag-uusap ang tatlong lalaki.

Nakita ng lalaki sa pinakakanan ang babae at sinabing, “Uy, chick!”

Sabi ng lalaki sa gitna, “Mamayang gabi, iteteybol ko ‘yan!”

Mula sa pagkakatingin sa babae, muling kinausap ng pangatlong lalaki ang dalawang kaibigan at sinabing, “Hindi niyo ba alam na kasama ko na siya kagabi pa lamang!”


May pagka-kwentong barbero man ang interpretasyong ito, kinakatawan ng tatlong mga pananalitang ito ang reputasyon ng tatlong aktwal na taong iginuhit ni Luna sa obra.

Ang lalaki sa pinakakanan ay ang may-ari ng pintura na si Dr. Ariston Bautista Lim/Lin. Isinilang noong 1863, siya ay naging kilalang pilantropo at mediko na tumulong na magligtas ng maraming buhay sa panahon ng epidemya ng kolera noong 1882⁴. Siya ay isang ilustradong propagandista sa Espanya at sinasabing tumulong magtustos sa pakikibaka ng bayan sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Naging bahagi rin siya ng Kongreso ng Malolos. Sumakabilang-buhay siya noong 3 Marso 1928.

Ang linyang “Uy, chicks!” ay kumakatawan sa kanyang reputasyon ng diumano ay pagiging babaero. May isa pang obra si Juan Luna na sinasabi ng mga istoryador na modelo rin si Ariston Bautista. Sa isang panayam sa may-ari ng obrang “Tampuhan” na si G. Rosalinda Orosa, ang modelo para sa lalaki ay si Ariston Bautista (Ocampo 1990, 166). Tila tipikal na eksena ito sa buhay-magasawang Ariston at Petrona. Ayon kay Dr. Pilar:

This time the doctor is depicted leaning on a window ledge, his back turned to the viewer. An elegantly dressed seated woman at the center of the painting seems to be sulking. Living relations of Bautista confirm that the lady indeed was sulking because the elegant doctor’s attention was trained on two women looking out from the window of the house across the street (Pilar 2003, 18).

⁴ Pinaniniwalaan na si Ariston Bautista ang lumikha ng gamut sa kolera na *paregoric* na pinabulaanan naman ng kurador na si Dr. Tess Obusan sa aking panayam sa kanya noong 10 Marso 2011. Sa pag-uusap na iyon pinagdudahan niya rin ang paniniwala ng iba na tumulong si Ariston sa Katipunan ni Andres Bonifacio. Ayon sa kanya, mahirap para sa isang taong katulad ni Ariston ang tumulong sa organisasyong mapaghimagsik. Nagpahiram din siya sa akin ng mga obituwaryo para kay Ariston mula sa Philippines Free Press noong 1928.



Kanan: “Juan Luna,” pintura ni Felix R. Hidalgo

Ang lalaki sa gitna ay walang iba kundi ang pintor na si Juan Luna na ayon kay Dr. Zerrudo ay may reputasyon na pagkuha ng mga bayarang babae upang gawing mga modelo sa kanyang mga pintura, sapagkat mas mura sila kaysa sa mga tunay na modelo. Siya ang unang Pinoy na *International Achiever*. Isinilang sa Badoc, Ilocos Norte noong 23 Oktubre 1857. Nag-aral siya sa *Academia de Dibujo y Pintura* sa Maynila at sa *Real Academia de Bellas Artes de San Fernando* sa Madrid bagama’t hindi natapos. Sumama sa Roma at naging apprentice ng kanyang gurong si Alejo Vera sa Roma. Marapat lamang na magkaroon tayo ng isang pasada ng ilan sa kanyang mahahalagang gawa.



Spoliarium

Ang pinakapopular niyang likha ay ang malaking oleo sa kanbas na mural na “Spoliarium” na may sukat na 4.22 x 7.675 metro. Nilikha niya ito sa Roma at nanalo ng medalyang ginto sa *Exposicion de Bellas Artes de Madrid* noong 1884. Nagpapakita ng eksena sa ilalim ng Colosseum sa panahon nina Nero at Caligula. *Spoliarium* ang tawag sa pook kung saan itinatapon ang mga patay na katawan ng mga *gladiator* matapos ang isang laban, o ng mga Kristiyanong ipinalapa sa leon at iba pang klaseng pagpatay upang nakawin ang kanilang kahulihang mga mahahalagang bagay tulad ng mga

sandalyas at mga metal na kasuotan (*spoliatus* ay Latin para sa “*to rob or plunder for spoils*”). Dito rin kinukuha ng mga kaanak ng mga namatay ang mga bangkay.

Sa “Spoliarium” ni Juan Luna, makikita sa kaliwang bahagi ng mural ang mga bangkay na dinadala ng mga sundalong romano, habang naghihintay naman ang dalawang matanda na nagda-*dice* upang malaman kung sino ang mauuna sa pagnakaw sa mga namatay. Taas kamao naman ang isang lalaki sa pagprotesta sa kahayupang nagaganap, tila mayroon siyang sinusuntok. Larawan naman ng kalungkutan ang kanang bahagi ng mural kung saan makikita ang isang babaeng nanangis sa kanyang namatay na asawa habang ang isang halos hindi na makitang matandang lalaki na may sulo ay hinahanap pa rin ang katawan ng kanyang namatay na anak (Guillermo, int. 1991, 29-30).

Ang isa pang mural na oleo sa kanbas na nagwagi ng medalyang pilak, ang “*Virgenes Cristianas Expuestas Al Populacho*” (Mga Birheng Kristiyano na Itinambad sa Madlang Bayan) ni Felix Resurreccion Hidalgo, ay nagpapakita rin ng kaparehas na tagpo sa ilalim ng *Colosseum*. Sa paglalarawan ng katalogo ng katalogo ng *Unang Pambansang Eksibisyon sa Paggunita kina Juan Luna at Felix Resurreccion Hidalgo*:

Sa sulok ng isang silid na makapal ang pader, marahil ay isang kulungan, nagsisiksikan ang mga nag-uusisang lalakeng puno ng pagnanasa at malisya upang makita ang dalawang babae—ang isa’y nakatayo, nakalantad ang dibdib at nababalutan ng manipis na tela mula sa baywang; hubad ang isa at pa at natatakpan ng mahabang buhok ang mukha, nakaupo sa sahig at magkatali ang mga paa. Isa sa mga lalake na nakamarangyang kulay-dalandan, marahil ay isang bugaw, ang akmang hihila sa damit ng isang babae samantalang sabik na naghihintay ang iba. Pinatitindi ng paggamit ni Hidalgo ng *chiaroscuro* ang nangyayari, ipinamamalas ang kahinaan at kawalang-malay ng mga babae at ang masasamang isip ng mga lalae sa kanilang matatapang na mukha (Sta. Maria at Ebro 1988, 242).

Isang paglilinaw lamang ni Dr. Ambeth R. Ocampo na hindi maituturing na internasyunal na ang tagumpay ni Luna at Hidalgo sa puntong ito sapagkat ang Madrid ay hindi naman ang sentro ng Sining sa Europa kundi Paris. Gayundin, hindi ibig sabihin na ang gintong medalya ay nangangahulugang unang premyo habang ang medalyang pilak ay ikalawang premyo. Mayroong tatlong gintong medalya ang ipinamahagi sa patimpalak (unang ginto

ang kay Luna), habang may 15 medalyang pilak naman ang ipinamahagi. Naging kontrobersiyal pa ang patimpalak sapagkat hindi ibinigay ng mga hurado sa taong iyon ang pangunahing premyo, ang *Medal of Honor* (Ocampo 2000, 13). Sa paradang pansentenaryo, sinabi rin ni Dr. Ocampo na maaaring hindi nilikha ng mga pintor ang kanilang mga obra bilang representasyon ng mga malulungkot na pangyayari sa Pilipinas kundi mga klasikal at akademikong mga tema na usong ipinta sa mga panahong iyon.

Bagama’t hindi maikakaila na ikinonekta ang mga obra sa sitwasyon ng mga Pilipino sa ilalim ng mga Espanyol bilang buhay na “Spoliarium” (Sta. Maria at Ebro 1988, 239). Ayon sa isang kritiko na sinipi ni da Silva:

Before this painting all generous souls of our civilization, of our democratic spirit, of our philosophic ideals that make a man a fetish, that furiously battle as long as there remains a single slave in the world, they have found a very clear interpretation of their aspirations (da Silva 1957, 58).

Nang sa isang talumpati sa Hotel Ingles sa Madrid noong 25 Hunyo 1884, isang estudyanteng indio ang nagbigay ng talumpating brindis para sa dalawang pintor at sinabing, “Walang kinikilingang bansa ang henyo...” (*Genius knows no country...*), ang estudyanteng ito ay pinuri ng mga liberal sa Espanya habang naging markado sa mga kolonisador sa Pilipinas na hindi matanggap na maaaring magkaroon ng magaling na talento ang mga indio. Ang pangalan ng estudyante ay José Protacio Rizal Mercado y Alonso Realonda.

Ang obrang “Spoliarium” ay dinala sa Paris ngunit binili ng Deputación Provincial de Barcelona sa halagang 20,000 pesetas. Ito ay inilagak sa Museo de Arte Moderno at tinangay ng mga umaatras na republikano noong panahon ng Digmaang Sibil noong Dekada 1930. Ibinalik ng pamahalaan ni Generalissimo Franco ang pintura sa Espanya at inilagak sa mga bodega ng Prado (da Silva 1957, 59-60). Noong 1956, sinimulan ang negosasyon sa pagbabalik ng mural sa Pilipinas sa panahon ng Pang. Elpidio Quirino. Ayon kay Dr. Zerrudo, naging kondisyon ng mga Espanyol ang sapilitang pagtuturo ng Wikang Espanyol sa mga kolehiyo sa Pilipinas. Matapos ang dalawang taon, naibalik ang “Spoliarium,” ngunit dahil sa hindi ito magkasya sa barko, ito ay hinati sa tatlo! Kinailangan na ayusin ito ng mga tanyag na pintor na Pilipino at noong 1962, sa panahon ng Pang. Diosdado Macapagal, ito ay binuksan sa publiko sa gusali ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (Sta. Maria at Ebro 1988, 239). Ngayon ito ay matatagpuan sa Pambansang Tipunan ng Sining ng Pilipinas (National Art Gallery of the Philippines) sa gusali ng Pambansang Museo 1, ang dating bulwagan ng Kongreso ng Pilipinas.

Isa pa sa kanyang mahalagang obra ay ang “Pacto de Sangre” na kanyang ipininta noong 1885 at nagpapakita ng “blood compact” o “sandugo” sa pagitan ng *conquistador* na si Miguel Lopez de Legaspi at Rajah Sikatuna ng Bohol.

Kung para sa mga Europeo, ang tanging tanggap na kasunduan ay yaong nakasulat at pirmado, para sa mga Asyano, sapat na ang pangako at ang pagsulat nito ay nagpapakita ng kawalan ng pagtitiwala; sa ating mga ninuno, malalim ang dalumat ng “sandugo”. Hindi lamang ito simpleng kasunduan ng magkaibigan. Ang pag-inom ng patak ng dugo sa alak ay may malalim na kahulugan—isang dugo, kapatiran (Abrera 1994 at Abrera 1995). May pantay na pagtingin sa kapatid. Sa sanaysay na *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog*, kinilala ni Bonifacio ang *sandugo* na ginawa nina Legazpi at Sikatuna at tinuring na kapatid ang Espanyol, na hindi naman tumupad sa usapan, sa halip ay nang-api (Agoncillo at Epistola 1963, 68-69).

Ang obrang ito, kung saan naging modelo para kay Legaspi ang bayaw ni Luna na si Trinidad H. Pardo de Tavera habang para kay Sikatuna naman ay si José Rizal, ay nakasabit ngayon sa Palasyo ng Malacañang.

Noong Nobyembre 1887, pinasinayaan ang isa pang malaking mural ni Luna, ang “La Batalla de Lepanto” ng mismong Reyna Rehenste, ang bala ni Alfonso XII na si Reyna Maria Cristina sa Bulwagan ng Senado. Ang obra ay tungkol sa tagumpay ng Koalisyonang Espanyol laban sa mga Turkong Ottoman noong 7 Oktubre 1571 sa bandang Gresya. Ayon kay Dr. Zerrudo, dito ipinakita ang galing ni Juan Luna sa pagguhit ng aktwal na pangyayari sa isang banggaan ng barkong naglalabanan kabilang na ang mga taong nahuhulog o kinakain ng mga pating. Ayon pa kay Dr. Zerrudo, sa taon ng Sentenaryo ng Pagpapahayag ng Kasarinlan noong 1998, nagkaroon muli ng lihim na negosasyon upang maibalik ang “La Batalla de Lepanto” mula sa Senado ng Espanya. Tumanggi ang Espanya sa pagsasabing ang obra na ito at si Juan Luna ay bahagi na rin ng kanilang pambansang kayamanan.

Hindi ito nakapagtataka. Si Luna ay tinanggap sa prestihiyosong Societe Nationale de Beaux Arts. Dahil dito, malaya siyang nakapagpamalas ng mga eksibit sa Champs-de-Mars. Dahil dito, nagtamo siya ng mas malawak na pagkilala mula sa mga Europeo (CCP 1999, 107). Ayon kay Dr. Zerrudo, nakasalo niya rin sa mga pagdiriwang at piging ang mga dugong bughaw sa Europa.

Bumalik siya sa Pilipinas noong Mayo 1894, at nabilanggo dahil sa Himagsikang Pilipino noong 1896. Ngunit noong 1897, bilang bahagi ng perdon na ibinigay para sa kaarawan ng batang Haring Alfonso XIII,


pinatawad siya at pinakawalan sa utos mismo ng Reyna Rehenste. Pinuntahan niya ang huli upang personal na pasalamatan at hilingin ang perdon para naman sa kapatid niyang si Antonio na pinagbigyan naman ng Reyna. Noong 1898, nagbalik siya sa Maynila, siya ang nagdisenyo ng unipormeng *rayadillo* ng mga pwersa ng Republica Filipina at naatasang maging isa sa mga pinakaunang *diplomat* ng republika sa pamumuno ni Felipe Agoncillo.

Noong 7 Disyembre 1899, habang nasa Hongkong, namatay si Juan Luna sa kanyang ikalawang atake sa puso.

Ang pangatlong lalaki na sa interpretasyong literal ay nagsabi na, “Hindi niyo ba alam na kasama ko na siya kagabi pa lamang!” ay walang iba kung hindi ang ating pambansang bayaning si Gat Dr. José Rizal, na may masasabing may pandaigdigang panlasa sa mga dilag, bagama’t eksaherado ang reputasyon niya bilang isang babaero.



Si Rizal, Marcelo H. del Pilar at Mariano Ponce—mga haligi ng Kilusang Propaganda.



Ang tatlong lalaki sa obra ay kapwa mga *ilustrado* at naging bahagi ng Kilusang Propaganda. Ang mga layunin nito ay ang paghingi ng mga repormang tulad ng (1) pagiging lalawigan ng Espanya ng Pilipinas, (2) pagkakaroon ng *representación* ng Pilipinas sa *Cortes*, at (3) sekularisasyon o pagpapatalsik sa mga *fraile*. Para sa ilan, ang kanilang aspirasyon ay nasasalamin sa isa pang sikat na obra ni Luna noong 1886, ang “España y las Islas Filipinas” kung saan ginagabayan ni Madre España si Inang Filipinas sa pag-akyat sa hagdanan ng pag-unlad.

Bagama’t sa unang tingin tila asimilasyon sa Espanya lamang ang trip ng mga Propagandista, ayon sa historyador na si P. John Schumacher, S.J. kung pagbabatayan ang mga isinulat ng mga propanadista, talagang independensya ang ninanais nila para sa Pilipinas ngunit nais lamang nilang gawin ito isang hakbang bawat oras. Ibig sabihin, mapayapang pakikipaghiwalay sa “Madre España” (Schumacher 1973). Sa kabila ng kanilang pagsisikap, nanatiling bingi at manhid ang pamahalaang Espanyol, at hindi nagtagumpay ang kilusang ito.

B. Ikalawang Interpretasyon: BIOGRAPIKAL (TRAHEDYA)



Ang pamilya Pardo de Tavera (in-laws ni Juan Luna): Nakatayo sa pinakakanan si Paz Pardo de Tavera habang nakaupo kalong-

kalong si Andres Luna (Luling) ang kanyang inang si Doña Juliana Gorricho kasama ang nakangiting Rizal at seryosong Hidalgo.

Ano ang nangyari noong 1892 (Taon ng pagkagawa sa “Parisian Life”) kay Juan Luna? Ayon kay Dr. Santiago Albano Pilar na awtor ng *Juan Luna: The Filipino As Painter*, ang konteksto ng taong 1892 sa buhay ni Luna ay maaari ring magbigay ng *clue* kung sino ang kinakatawan ng babae sa pintura.

Ayon kay Dr. Zerrudo, personal ang kahulugan ng pintura sa pintor lalo na at iginuhit niya ang sarili niya rito at ibinigay ang obra sa isang kaibigan.

Tila nagsasabi si Juan Luna sa kanyang dalawang kaibigan, “Pare, may problema ako. Ang asawa ko...”⁵

Ayon sa mga tala ng eksperto at tagahanga ni Luna na si Carlos da Silva, noong Marso 1892, ang dalawang taong gulang na anak nina Luna at Paz Pardo de Tavera na si Maria de la Paz (Bibi) ay namatay. Lubhang nalungkot si Pacita at noong Hunyo, sa payo ng doktor, ay nagbakasyon sa Mont Doré, habang naiwan si Luna upang kumpletuhin ang kanyang obra maestrang *Peuple et Rois*. Doon nakilala ni Paz si Monsieur Dussaq. Noong Agosto, sa pagbalik ng mag-ina mula sa kanilang bakasyon, nakasagap ng intriga si Luna na nangangaliwa ang kanyang asawa. Nang sa isang pag-aaway inamin ni Pacita na hindi na niya mahal ang asawa, binaril ni Luna sa galit ang pader. Kinabukasan, naglabas ng sama ng loob si Luna sa bayaw niyang si Trinidad at sinabing magsasampa ng diborsyo sa asawa at isasama niya ang anak na si Andres (Luling). Pinagalitan ng bayaw ang kapatid at inalam ang katotohanan bagama’t hindi

⁵ Mayroong isa pang obra si Luna na pinamagatang “Portrait of Paz Pardo de Tavera” na nagpapakita ng isang babaeng may hawak na rosaryo at may katabing aklat-dasalan habang nakalitaw ang isa sa kanyang dibdib. Ito raw ang sinasabing pinakamalal na pitura sa Pilipinas. Lahat diumano ng nagmay-ari nito nito ay minalas. Ang unang may-ari raw nito na si Manuel Garcia ay nalugi. Si Betty Bantug Benitez naman na siyang nangasiwa sa pagpapatayo ng Manila Film Center at sa nangyaring trahedya ay namatay sa isang aksidente sa auto sa Tagaytay. Si Tony Nazareno naman ay biglaang nagkasakit. Naibenta rin ito kay Imee Marcos na nakunan naman. Sa katalogo ng Oro-Plata na eksibisyon para sa mga gawa nina Luna at Hidalgo, hindi nakalista sa mga may-ari si Imee kundi si Gng. Imelda Romualdez Marcos, ang Unang Ginang na napatalsik ng Himagsikang EDSA. Ibinigay niya ang obra sa Pambansang Museo. Nang ipahiram ito sa Metropolitan Museum of Manila para sa eksibisyong Oro-Plata, ang bubong sa taas ng obra ay natuluan ng tubig-ulan. Hanggang ngayon, ayon sa mga nakakikita nito sa Pambansang Museo, tila buhay at nangunguasap ang mga mata nito. Ngunit sa isang artikulo ni Dr. Ambeth Ocampo noon pang 1989, kung titingnan ang mga totoong larawan ni Paz, malayo ang hugis ng mukha nito sa babae sa obra. Ngayon, muli itong pinangalanang, “Portrait of a Lady” (Ocampo 1990, 169).

umamin si Pacita. Nangako siya na magbabago at pinatawad naman siya ni Luna, na nagpanukala pa na sila ay lumisan na sila ng Paris patungong Vigo, Espanya. Ngunit nang sumunod na linggo, napansin ni Luna ang patuloy na paglabas-labas ng asawa na hindi na nagsusuot ng itim at nagkokolorete pa sa mukha na lubha niyang ikinairita. Ayon kay Dr. Ambeth Ocampo, kanya raw nasabi kay Luna, “*You paint, so why shouldn’t I be allowed to paint with my colored pencils?*” (Ocampo 1990, 163). Binugbog muli ni Luna ang asawa.

Ang ina ni Paz na si Doña Juliana Gorricho Pardo de Tavera, na kasama ng mag-asawang Luna sa kanilang tahanan at saksi sa lahat ng mga kaguluhang ito, ay sumulat sa iba pa niyang mga anak na sina Trinidad at Felix. Sinabi niya sa kanila na diborsyo lamang ang tamang solusyon sa problemang ito ng mag-asawa at hindi niya papahintulutan na sumama si Paz kay Luna sa pagbalik nito sa Espanya sa takot na sasaktan lamang niya ito.

Noong 23 Setyembre 1892, kaswal na bumisita sa tahanan ng mga Luna sina Trinidad at Felix. Sa unang palapag kinausap ni Trinidad si Luna habang inakyat ni Felix ang mag-iina at nanatili roon upang alagaan ang maysakit noon na si Andres. Dumating naman si Antonio Ma. Regidor at kinausap siya ni Trinidad ukol sa suliranin. Matapos na ang huli ay sumunod sa ikalawang palapag, nilatag ni Regidor kay Luna ang usapin ng diborsiyo bilang tanging opsyon. Tumanggi si Luna at sinabing pinatawad na niya si Pacita matapos na humingi ng tawad sa kanya ang asawa at handa na nga itong sumama sa kanya sa Espanya.

Nagbigay pugay si Regidor kay Doña Juliana at ibinalita sa matanda ang pagnanais ni Luna na umalis kasama ang kanyang pamilya. Pinayuhan rin niyang palamigin muna ang sitwasyon at laging sumama sa anak upang maiwasan ang anumang away. Iniwan ng tatlong lalaki ang mag-ina at binilinan sila ni Trinidad na ikanadado ang lahat ng pintuan at bintana kung sakali mang si luna ay muling magwala sa kanilang pag-alis. Sa sala, nagpaalaman pa ng maayos sina Luna at ang tatlong lalaki, matapos nito ay nagtungo ang tatlo sa isang café sa harapan ng bahay ng mga Luna.

Umakyat si Luna at tinangkang binuksan ang kwarto ng kanyang anak at ito ay nakakandado. Kaya tumungo siya sa kanyang sariling kwarto at binalak na pasukin mula roon ang kwarto ng anak sa pamamagitan ng kanilang banyo, ngunit nakakandado rin ang pintuan ng banyo. Kumatok si Luna at hiniling na buksan ang pinto. Tumanggi si Paz dahil maysakit raw ang anak. Pinakiusapan muli ni Luna ang asawa na buksan ang pangunahing bukana ng kwarto ng anak upang mapag-usapan ang napipinto nila ang pagtungo sa Espanya. Sinabihan siya ni Paz na lubayan sila.

Dito nagsuspetsa na si Luna na baka kukunin na mula sa kanya ang anak, kaya nagalit siya at binantaan ang asawa na pupuwersahing buksan ang pintuan. Sinabihan siya ni Paz na pinayuhan silang ikandado ang mga pintuan at kung may kailangan siya sa kanila ay tumungo muna sa pulisya. Lalong nagalit si Luna at lalo siyang nagpilit na buksan ang pintuan. Nagsisigaw ang mag-ina at narinig ito ni Regidor at ng mga Tavera kaya dali-dali silang nagbalik sa bahay. Mula sa bintana ng banyo, nakita niya ang mga kalalakihan na dumarating sa kanilang tahanan, kinuha ni Luna ang kanyang rebolber mula sa *cabinet* ng kanilang kama at bumaba sa unang palapag. Naisip ni Luna na mayroon na ngang balakin na ilayo sa kanya ang kanyang anak kaya sinabihan niya ang tatlo mula sa bintana na lumayo sa kanilang tahanan at kung hindi ay magpapaputok siya. Binalewala ito ng tatlo kaya nagpaputok si Luna at tumama ito sa kanang dibdib ni Felix. Dinala ni Regidor at ni Trinidad ang sugatan tungo sa hardin.

Sa bersyon ni da Silva, muling umakyat si Luna at inutos na buksan ang pintuan sa banyo, lalong sumigaw ang mag-ina. Dito nagpaputok ng tatlong sunod-sunod na bala si Luna upang masira ang kandado. Sumigaw ang mag-ina at narinig niyang umiyak ang anak. Sinubukang buksan ni Luna ang pintuan ngunit may pumipigil pa rin dito. Nang tuluyang buksan ni Andres ang pinto, nakita niyang patay na ang kanyang biyenan at malubhang nasugatan si Paz, na mamamatay rin pagkalipas ng 11 araw.

Napaluhod si Luna, sising-sisi at umiyak hawak ang anak. Nang lapitan siya ni Trinidad, sinabi ni Luna sa kanya nang lumuluha, “Kasalanan mo ang lahat nang ito.”

May isa pang bersyon na nakuha si Dr. Ambeth Ocampo. Hindi raw nakandado ng mag-ina ang pintuan sa banyo, kaya pinasok sila ni Luna at binaril sila kapwa sa ulo (Quirino 1992, 24). Ayon sa pananaliksik ni Alfredo Roces sa kanyang bagong akda na nagpopokus sa krimen at usaping dinulot nito na *Rage!*, ito ang bersyon na naaayon sa mga dokumento sa korte at peryodiko (Roces 2008, 92-102).⁶

Anuman ang nangyari, nakulong sa Kulungan Mazas si Luna at nasampahan ng mga kaso sa isang korte sa Paris noong 7 Pebrero 1893. Matapos lamang ang ilang oras, sa ganap na 6:00 NG, napawalang sala si Luna ng mga

⁶ Ang isang pang bersyon ay ikinuwento kay Ambeth Ocampo ni Mita Pardo de Tavera, apo ni Trinidad, na nagsabing tumatakas na ang mag-iinang Pardo de Tavera kasama si Andres mula kay Luna at habang pababa ng hagdanan, nakita sila ni Luna, nagwala ito upang pigilan sila at binaril ang dalawang babae, at nang marinig ang tatlong lalaking naghihintay sa café pinuntahan nila si Luna, at binaril sa balik at si Trinidad (?) na pinangungunahan ang grupo.

hurado dahil ito ay krimen nang pagtatanggol sa dangal ng kanyang pamilya (crime of passion) at pinatawan lamang ng 40 francas para sa *documentary stamps* (Da Silva 1957, 16-21).

Ayon naman kay Mita Pardo de Tavera, mayroon ding batas noon sa Pransya na nagsasabi na ang mga *primitive* na mga katutubo ay mayroon talagang tendensiya na magwala kaya ito ay maaaring patawan ng pardon, “So nainsulto pa ang mga Pilipino, nainsulto pa tayo,” dagdag pa niya (Ocampo 1990, 164)

Sa pagbabahagi ng awtor at kritikong pansining na si G. Cariño sa kumperensya ng PHA, isiniwalat naman niya ang pangatlong bersyon ayon sa kanyang bagong pananaliksik. May dumating raw na representante ng Reyna Rehente sa Paris upang ipakiusap na huwag bibitayin si Luna sapagkat siya ay isang pambansang kayamanan.

C. *Ikatlong Interpretasyon:* *SIMBOLIKO AT HISTORIKAL*

Nang magkaroon ng kontrobersiya ukol sa pagbili ng pintura, ilang mag-aaral ng *Fine Arts* mula sa isang pamantasan sa Diliman ang tumunghay sa “Parisian Life” nang umuwi ito at ibinigay ang kanilang interpretasyon. Ang susunod ay mula sa pagkakakuwento ni Dr. Zerrudo.

Ayon sa mga mag-aaral, nais ni Luna na una niyong mapansin ang babae. Sapagkat ang tatlong lalaki sa pintura ay pinag-uusapan ng babae. Ang mesa at ang silya ay nakaturo sa babae, maging ang sumbrero at *coat* sa *sofa* ay nakaturo sa babae. Ang *triangulation* rin ng dyaryo sa itaas ng *sofa* ay nakaturo rin sa babae. Kaya mahalaga sa kwento kung sino ang babae bago maintindihan ang obra.

Kung titingnan ang pagkakaupo ng babae, malayo ito sa pagiging mapang-akit. “Awkward” ang pagkakaupo nito, nakaangat ang paa, tila balisa ang hitsura, at malayo ang tingin. “Awkward” din ang kanyang hugis. Tila 12 in. lamang ang kanyang baywang.

Ayon sa mga mag-aaral, kung titingnan mabuti, ang hugis ng babae ay katulad ng hugis ng mapa ng Pilipinas kung titingnan sa isang salamin, “mirror image.” Kung ipapatong ang mapang ito, ang laylayan ng damit ng babae ay saktong hugis ng mga isla sa Sulu, ang baywang ng babae ay sa pinakamaikling bahagi ng Pilipinas mula Infanta, Quezon hanggang San Antonio Zambales habang ang Batanes ay tila mga luha ng babae. Ang Palawan, ilagay lamang sa itaas ay makikitang kasing-anggulo ng kamay ng babae (Walang awtor 2003, 43).

Maaari bang alam ni Luna ang tamang hugis ng Pilipinas? Si Luna ay nag-aral sa Escuela Nautica de Manila at nabigyan ng lisensya bilang piloto ng karagatan sa edad na 17. Sa pagitan ng mga gawain bilang marino, natuto siyang magpinta.

Ilan pang *co-incidente*: Ang tuhod ay nasa Cebu, ginagamit natin ang tuhod sa pananalangin, sa Cebu tayo unang naging mga Katoliko noong 1521; Ang sinapupunan ay nasa Cavite, sa bayan nitong Kawit ipinahayag ni Hen. Emilio Aguinaldo ang *Independencia* noong 12 Hunyo 1898; at ang pusod naman ay nasa Bulacan, sa bayan nitong Malolos isinilang ang Unang Konstitusyunal na Demokratikong Republika sa Asya.

Samakatuwid, ayon sa interpretasyon sa mag-aaral, ang babae ay si Inang Bayan.

Kung titingnan sa ganitong perspektibo, si Inang Bayan ay may kasama, sapagkat may dalawang baso sa mesa, may bakanteng upuan, at mayroong *coat* at *top hat* sa *sofa*. Sa interpretasyong ito, ang kasama ay ang Espanya.

Kung titingnan ang lamang alak ng dalawang baso, ang kay Espanya ay hindi pa nababawasan, habang ang sa Inang Bayan naman ay nangalahati na. May pagsasamantala na nangyayari. Sa kabila ng mga positibong pamana ng 333 taon ng *conquista* ng Espanya sa Pilipinas, hindi pa rin dapat kalimutan ang ilang polisiya nila na nagpahirap sa mga *indio*—(1) sistemang *encomienda*, (2) *tributo*, (3) *polos y servicios*, (4) *bandala*, (5) kalakalang *Galleon*, at iba pa.

Ayon sa mga potograpo, hindi dapat kumukuha ng litrato ng isang tao sa ilalim ng isang linya, na tila parang tinutusok ito o bina-*barbeque*.

Kung titingnan ang *scarf* sa leeg ng babae tila hindi ito “scarf” kundi kulay na madilim lamang.


Kung titingnan ang madilim na leeg at ang linya sa taas ng ulo ni Inang Bayan, tila nakabigti ito!

At makikita sa tabi ng ulo ng babae ang dyaryong mayroong pamagat na “L’Echo de Paris”—na sa interpretasyon ng mga kabataan ay nagpapahiwatig sa dagundong na nagmula sa Paris noong 1789, ang Himagsikang Pranses na may *slogan* na “Liberté, Egalité, Fraternité.” Noong 1892, ipinapahiwatig kaya ni Luna na ang Pilipinas ay nasa bingit na ng isang kahalintulad na pangyayari?

Kung titingnan ang kasaysayan, taong 1892, ang Pilipinas ay nasa bingit na ng himagsikan: Noong 3 Hulyo itinatag ni Rizal ang *La Liga Filipina* sa kanyang pagbabalik sa Pilipinas. Sa kabila ng paratang na si Rizal ay maka-asimilasyon at maka-Espanya, ang Liga ay

naglalayong pagsama-samahin ang kapuluan sa isang katawan (sariling bansa kaya kahulugan nito?), proteksyon para sa lahat, pagtatanggol laban sa kaguluhan at kawalan ng katarungan, pagpapaunlad ng edukasyon, agrikultura, at pangangalakal, at pag-aaral at pagsasagawa ng mga reporma. Ayon kay Floro Quibuyen sa aklat na *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism*, dito ninais na isakatuparan ni Rizal ang kanyang konsepto ng bansa, na hindi batay sa lahi at dugo kundi sa isang nagkakaisang damdamin, *sentimiento nacional* na nagsisimula sa pagtutulungan at edukasyon ng isa't isa (Quibuyen 1999, 163-186). Ngunit matapos lamang ang tatlong araw, 6 Hulyo, inaresto si Rizal at ikinulong sa *Fuerza Santiago*, at matapos ang ilang araw, 17 Hulyo, dumating si Rizal sa Dapitan bilang isang *destiero*.

Isang araw matapos ang pagkakaaresto ni Rizal, 7 Hulyo, itinatag na isa sa mga kasapi ng Liga na si Andres Bonifacio ang Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK). Ang Katipunan ay hindi lamang isang lihim na samahan na nagnanais na maging marahas sa mga Espanyol, hindi nag-iisip at sugod lamang ng sugod kundi isang proyekto ng pagbubuo ng bansa batay sa Pagkakaisa at Kapatiran / Sandugo at pagkakamit ng tunay na Kalayaan na siyang kaginhawaan na ang batis ay ang mabuting kalooban (Gimenez-Maceda 1998, 77-94; Guerrero 1998, 37-52; Salazar 1976, 83-92; Salazar 1983, 89-106; Salazar 1997; Salazar 1999a; Salazar 1999b).



Ebidensya sa tunay na mga adhikain ng Katipunan ang panimula ng Kartilya ng Katipunan na nagsasabing:

Ang kabagayang pinag-uusig ng katipunang ito ay lubos na dakila at mahalaga; papagisahin ang loob at kaisipan ng lahat ng tagalog (*) sa pamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito'y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuiran at Kaliwanagan (Jacinto w.t.).

At nag-*footnote* pala ang Lolo Emilio Jacinto niyo na nagpapaliwanag na ang salitang "Tagalog" ay hindi nagpapakita ng rehiyonalismo kundi ng malinaw na konsepto ng bansa nina Bonifacio at mga kasama:

...katutura'y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; samakatuwid, *bisaya* man, *iloko* man, *kapangpangan* man, etc., ay *tagalog* din (Jacinto w.t.).

Tagalog din sa pakahulugan ng Katipunan ay mula raw sa "taga-ilog" na nagpapahiwatig ng ating nagkakaisang kulturang maritima (Guerrero, Encarnacion at Villegas 1996, 5-6; Ocampo 1990, 89).

Sa sumunod na talata sinabi rin, "Dito'y isa sa mga kauna-unahang utos ang tunay na pag-ibig sa bayang tinubuan at lubos na pagdadamayan ng isa't isa." Ang pangunahing aral ng Katipunan ay hindi lumaban lamang, kundi ang *umibig*.

Ito ang iba't ibang mga interpretasyon at mga kaakibat na salaysay na nagbibigay halaga sa pamanang sining na ito.

V. HALAGA NG *HERITAGE*

Noong Agosto 1920, ang mga labi ni Juan Luna ay iniwi mula Hongkong tungong Maynila ng kanyang anak na si Andres Luna de San Pedro, matapos ang kanyang pag-aaral ng Arkitektura sa Paris. Hiniling niya sa pamahalaang kolonyal Amerikano na bigyan ng *state funeral* ang kanyang ama bilang isang dakilang Pilipinong bayani at diplomat. Hindi ito inaksyunan ng pamahalaan. Itinakwil ba siya sa kanyang pag-uwi sa Pilipinas?

Nanatiling hindi nakalibing ang mga labi ni Luna na inilagak ni Luling sa kanyang opisina sa "Crystal Arcade," Pasaje de la Paz sa Escolta, Maynila, at di naglaon sa kanyang opisina sa Dasmariñas. Noong

Labanan para sa Liberasyon ng Maynila noong 1945, nasunog ang opisina kaakibat ng lahat ng mga memorabilia roon ni Luna. Nagtungo roon si Luling at gamit ang isang sunog na balde na kanyang nakita roon, pinulot at iniligtas ang mga labi ng kanyang ama. Nanatili ang mga labi sa kanilang bahay sa Nagtahan hanggang si Andres Luna de San Pedro ay sumakabilang buhay noong 22 Enero 1952. Hindi pa rin naililibing ang kanyang ama.

Sa wakas, noong 28 Marso 1953, mula sa isang programa sa Juan Luna Elementary School sa Kalye Cataluna, Maynila, muling inilibing si Juan Luna y Novicio sa kript ng Simbahan ng San Agustin sa Intramuros bilang isang bayani (da Silva 1957, 44-48).

Nang muling bumalik ang obra ni Luna na "Parisian Life" mula sa Hongkong, tila muli itong itinatakwil ayon kay Dr. Zerrudo. Muling itinatanong, "Ano ang halaga ng *painting* na iyan? Nakakain ba ang Luna?"

Ano ang halaga ng *obra maestra* sa bayan?

Ayon kay G. Ryan Palad, Direktor ng GSIS Museo ng Sining, ang katumbas ng salitang Ingles na "Heritage" sa ating wika ay "pamana." Ang pamana ay maaaring materyal tulad ng mga likhang-sining, o kaya ay di-materyal tulad ng kaugalian at kabayanihan. Ayon kay G. Palad, kung mayroong kayamanan ang isang magulang na may halaga o saysay, hindi niya ito ibibigay sa anak na sasayangin lamang o wawaldasin ang kayamananang ito. Ito ay kanyang ipapasa sa anak na karapat-dapat, iyong siguradong mag-iingat ng pamang ito (Palad 2006).

Ayon kay Dr. Zerrudo, hindi itinatanong sa pamana kung ano ba ang halaga nito. Ang kailangang itanong kung ano ba ang halaga natin bilang isang bayan, at tayo bilang mga indibidwal, sa harap ng obrang ito upang maging karapat-dapat sa pamanang ito ng kahusayan at kabayanihan?

Sa isang panayam kanyang sinabi, "*Heritage conservation is a moral obligation.*" (Ellorin 2003) Sa maikling dokumentaryo ukol sa "Parisian Life," kanyang ipinakita na sa pangangalaga ng mga pamanang ito nagkakaroon tayo ng paggunita o ala-ala (*Memory*), sa pag-alala na ito sa ating pinagsaluhang kasaysayan nabubuo ang ating pagkakakilanlan (*Identity*), at sa pagkilala sa ating sarili magkakaroon tayo ng pagpapadayon (*Continuity*) (GSIS w.t.).

Para naman sa akin, ang lumimot sa pamana ng mga bayani at artista nito, at lumimot din sa kasaysayan ng bayan ay hindi lamang amnesia kundi isang pagtakwil sa ama't ina.

VI. PAGLALAGOM

Ayon sa interpretasyon ng mga mag-aaral na kabataan, pinag-uusapan ng ating mga bayani sa "Parisian Life" ang lugmok na estado ng bayan sa ilalim ng mga Espanyol noong 1892. Mayroong mga nagbago matapos ang mahigit isandaang taon at mayroon ring hindi. Marami pa ring nagugutom at naghihirap, talamak pa rin ang korupsiyon, patuloy pa rin ang pagkalugmok at paggahasa sa bayan.

Sa pagtingin natin sa "Parisian Life," tilala nakikita natin ang sarili natin sa salamin. Dapat nating isipin, "Ano ang gagawin natin ukol dito?"

Mahalin ang bayan at mga pamana nito tungo sa kaginhawaan ng lahat tulad ng binanggit ni Andres Bonifacio, "Ampunin ang bayan kung nasa ay lunas pagka't ginhawa niya ay para sa lahat."

Maaaring itanong kung sa pagmamahal sa bayan at pagiging bayani ay kailangan bang mamatay? Hahayaan nating sumagot si Bonifacio mismo sa kanyang Dekalogo, "Ang kasipagan sa pag hahanap-buhay ay siyang tunay na pag ibig at pag mamahal sa sarili sa asawa, anak at kapatid o kabayan."

Maging pinakamagaling sa ating napiling karera, ito ay simula lamang, ngunit mahalagang simula, ng ating pagmamahal sa bayan sa kabila ng ating mga kahinaan. Sa pinagsama-samang magagaling na gawa ng ating mga kamay nagiging dangal tayo ni Inang Bayan, at ibinabangon natin siya, tulad ni Juan Luna. Ito ang JVAN LVNA CODE.

Post Script:

Matapos ang ilang buwan, nakatanggap ako ng e-mail mula kay Kevin na nagsasabing:

Sir Thank you po!!! Nagustuhan ko po ang itinuro niyo po sa amin noong nagseminar tayo sa GSIS

Alam niyo po *super effective* ng Parisian life bilang *Motivation or Springboard* sa pagtuturo ng kasaysayan. Nakakatuwa po dahil ang sabi ko sa mga students ko "Kung mayroong mga *secrets* sa Da Vinci Code *behind the paintings* ay mayroon din sa Pilipinas." Malaki po ang naitulong nito dahil hindi lamang naging mausisa ang mga *students* ko sa *part n[a iyo]n*, sila na rin mismo ang nag-*research* ng mga *additional informations* para sa *painting* na un

kaya natutuwa ako. at sabi po nila hindi raw *boring* ang AP (Araling Panlipunan) 1 nila ngayon.

Sana po marami pa kayong ma-*share* na mga *motivational techniques* sa pagtuturo ng kasaysayan dahil nauubos na po ang mga *jokes* ko para hindi antukin ang aking mga *students* sa pagaaral ng *history*.⁷

Nagamit na niya ang Jvan Lvna Code.⁸

⁷ Yu, Kevin Patrick. 29 Oktubre 2010.

“Pakikipagtalastasan kay Michael Charleston B. Chua.”

⁸ Para kay Camille Eva Marie Conde.

MGA BATIS

- Abreera, Ma. Bernadette G. Lorenzo. 1995. "Sandugo," sa Zeus A Salazar, Edward C. Yulo, at Atoy M. Navarro. *Talaarawan 1996 Handog sa Sentenaryong 1896*. Lungsod Quezon: Miranda Bookstore, walang pahina.
- _____. 1994. "Ang Sandugo sa Katipunan," sa Ferdinand Llanes, ed. *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*. Lungsod Quezon: Trinitas Publishing, Inc., 93-104.
- Agoncillo, Teodoro A. at S.V. Epistola. *The Writings and Trial of Andres Bonifacio*. Maynila: Antonio J. Villegas; Manila Bonifacio Centennial Commission; Unibersidad ng Pilipinas, 1963.
- Christie's. 2002, 27 Oktubre. "Juan Luna (The Philippines 1857-1899): *Parisian life*," *Christie's Hongkong: Southeast Asian Pictures* (Katalogo). http://www.christies.com/LotFinder/lot_details.aspx?intObjectID=3992834.
- Croce, Benedetto. 1937. *History as the Story of Liberty*, trans. Sylvia Sprigge, rev. Folke Leander and Claes G. Ryn. Indianapolis, 2000.
- Cultural Center of the Philippines (CCP). 1999. "Juan Novicio Luna (Citation)" sa *The CCP Centennial Honors for the Arts*. Maynila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas.
- da Silva, Carlos E. 1957. *Juan Luna y Novicio: First Internationally Known Filipino Painter*. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 2007.
- de Jesus, Gregoria. 1932. *Mga Tala ng Aking Buhay at mga Ulat ng Katipunan*. Maynila: Palimbagang Fajardo.
- Ellorin, Bencyrus. 2003, 12 Oktubre. "Juan Luna and Our Heritage," *Sunstar*. <http://www.sunstar.com.ph/static/cag/2003/10/12/life/juan.luna.and.our.heritage.html>.
- Flores, Patrick. Walang petsa. *'A Piece of History': Juan Luna's Parisian Life and the Production of Property*.
- Gimenez-Maceda, Teresita. 1998. "The Katipunan Discourse on Kaghinawahan: Vision and Configuration of a Just and Free Society," *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies* 14:2, 77-94.
- Government Service Insurance System (GSIS). 2002. "Juan Luna's Parisian life will never leave Philippine shores again." http://www.gsis.gov.ph/newsroom/newsletter/2002/november/parisian_life_here_to_stay.html.
- Guerrero, Milagros C., Emmanuel N. Encarnacion at Ramon N. Villegas. 1996. "Andres Bonifacio and the 1896 Revolution," *Sulyap Kultura* 2, 3-12.
- Guerrero, Milagros C. 1998. "Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897," *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies* 14:1, 37-52.
- Guillermo, Alice. 1991. *The National Museum Visual Arts Collection*. Maynila: Ang Pambansang Museo ng Pilipinas.
- Howard Caroline. 2011, 16 Mayo. "GSIS Eyes Partnership with Housing Agencies," *ABS-CBN News.com*. <http://www.abs-cbnnews.com/business/05/16/11/gsis-eyes-partnership-housing-agencies>.
- Lumbera, Bienvenido. 2003. "The Cost of Saving Our Cultural Heritage," *Sanghaya 2003: Philippines Arts & Culture Yearbook*. http://www.ncca.gov.ph/about_cultarts/articles.php?artcl_Id=66.
- MacPherson, Malcolm. 2010, Disyembre. "The Golden Era of Filipino Painters," *Enrich: Healthy Lifestyle and Living* 3:29, 19-21.
- Mendoza, Guillerma. 1973. "Juan F. Nakpil: Pioneer in Philippine Architecture" sa *National Artists of the Philippines*. Lungsod ng Pasig: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas at Anvil Publishing, 1998, 271-277.
- Nakpil, Carmen Guerrero. 2007. *Legends & Adventures*. Maynila: Cirque Communications, Inc. (Nakpil Publishing).
- Ocampo, Ambeth R. 1990. *Looking Back*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing Inc.
- _____. 2000. *Rizal: Without the Overcoat*, expanded edition. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Pilar, Santiago Albano. 1980. *Juan Luna: The Filipino As Painter*. Maynila: Eugenio Lopez Foundation.

_____. 2003. "Parisian Life: Buoyant Souvenir of a Visit to that City, a Work of Art by Juan Luna, and a Gem of the Filipino Cultural Patrimony." *GSIS Museo ng Sining Collection*. Lungsod ng Pasay: Government Service Insurance System, 2007.

Roces, Alfredo. 2008. *Rage! Juan Luna/Antonio Luna/Trinidad Pardo de Tavera*. Maynila: Solidaridad Publishing House.

Quibuyen, Floro C. 1999. *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Pamantasang Ateneo de Manila, 2008.

Quirino, Carlos. 1992. *Great Lives: Juan Luna*. Lungsod ng Makati: Tahanan Books for Young Readers.

Salazar, Zeus A. 1976. "Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya," sa Rogelia Pe-Pua, ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Lungsod Quezon: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1982, 83-92.

_____. 1983. "Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines," sa *The Ethnic Dimension, Papers on Philippine Culture, History and Psychology*. Kolonya: Counseling Center for Filipinos, 89-106.

_____. 1997. "Ang Real ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, 1*. Lungsod ng Mandaluyong: Palimbagan ng Kalawakan.

_____. 1999a. "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan," *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, 8*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

_____. 1999b. "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon," *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, 8*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Schumacher, John N. 1973. *The Propaganda Movement, 1880-1895: The Creation of a Filipino Consciousness*. Maynila: Palimbagan ng Pamantasang Ateneo de Manila, 1997.

Sta. Maria, Felice at Mariles Ebro. 1988. *Unang Pambansang Eksibisyon sa Paggunita kina Juan Luna at Felix Resurreccion Hidalgo*. Maynila: Metropolitan Museum of Manila.

Walang awtor. 2003, 15-22 Setyembre. "'Parisian Life:' GSIS's P46-M Investment in National Heritage," *BizNews Asia*.

Mga Lektura:

Palad, Ryan. 2006, 18 Pebrero. Papel sa Unang ADHIKA Youth Summit na may temang "Lakbay-ADHIKA sa Kasaysayang Bayan." Main Building, Divine Word College, Calapan City, Oriental Mindoro.

Zerrudo, Eric. 2007, 9 Marso. Lektura sa Sampaksaang "Kababaihan Sa Kasaysayan at Sining" ng Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (GSIS), GSIS Museo ng Sining, GSIS Financial Center, Lungsod ng Pasay.

_____. 2009, 26 Nobyembre. Lektura sa Sesyon ng GSIS Museo ng Sining at Parisian Life sa Ika-20 Pambansang Kumperensya sa Kasaysayan at Kalinangan ng ADHIKA na may temang "Akbay: Kasaysayan at Sining sa Kabuhayang Pinoy," GSIS Museo ng Sining, GSIS Financial Center, Lungsod ng Pasay.

_____. 2010, 21 Agosto. Lektura Para sa Philippine Historical Association, GSIS Museo ng Sining, GSIS Museo ng Sining, GSIS Financial Center, Lungsod ng Pasay.

_____. 2011, 15 Pebrero. Lektura Para sa LEAP ng European Studies Association ng Pamantasang De La Salle Maynila, GSIS Museo ng Sining, GSIS Museo ng Sining, GSIS Financial Center, Lungsod ng Pasay.

Panayam:

Obusan, Dr. Teresita, Bahay Nakpil-Bautusta, Quiapo, Maynila, 10 Marso 2011.

Bidyo:

Government Service Insurance System (GSIS). Walang taon. "Juan Luna's Parisian Life."